

Coronavirus (COVID-19): Mga Antigen Test

Close contact ka ng taong natukoy na may COVID-19, wala kang sintomas ng pagkakasakit sa ngayon, at positive sa antigen test para sa COVID-19.

Ano ang ibig sabihin ng mga resulta mo?

May COVID-19 ka. Asymptomatic ka, pero pwede kang magka-sintomas. Pwede kang makahawa sa iba.

Ano'ng dapat mong gawin?

- Dapat kang [bumukod](#) hanggang sa hindi ka na nakakahawa.
- Ang mga taong may asymptomatic na COVID-19 ay itinuturing na nakakahawa hanggang sa mangyari ang 2 bagay:
 - Hindi bababa sa 10 araw ang lumipas mula sa petsa na nakolekta ang specimen mo para sa unang pag-positive mo sa diagnostic test para sa COVID-19, at
 - Patuloy kang walang [sintomas](#) simula noong magpa-test ka.
- Kung magka-sintomas ka, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong healthcare provider.

Ano ang ibig sabihin ng "pagbubukod"?

- Ang pagbubukod ay ang paghihiwalay sa mga taong may COVID-19 mula sa iba. Ang mga taong nasa pagbubukod ay dapat manatili sa bahay at hiwalay sa iba sa bahay hangga't maaari.



Coronavirus (COVID-19): Mga Antigen Test

May mga sintomas ka ng COVID-19 at positive ka sa antigen test para sa COVID-19.

Ano ang ibig sabihin ng mga resulta mo?

May COVID-19 ka ngayon. Pwede kang makahawa sa iba.

Ano'ng dapat mong gawin?

- Dapat kang [bumukod](#) hanggang sa hindi ka na nakakahawa.
- Ang mga taong may asymptomatic na COVID-19 ay nakakahawa hanggang sa mangyari ang 3 bagay:
 - Hindi bababa sa 10 araw ang lumipas simula noong lumitaw ang mga [sintomas](#), at
 - Hindi bababa sa 24 na oras nang walang lagnat na walang iniinom na gamot para sa lagnat, at
 - Bumuti na ang ibang sintomas.*

*Tandaan na ang pagkawala ng panlasa o pang-amoy ay pwedeng magtagal nang ilang linggo o buwan at hindi magpapatagal sa pagbubukod.

Ano ang ibig sabihin ng "pagbubukod"?

- Ang pagbubukod ay ang paghihiwalay sa mga taong may COVID-19 mula sa iba. Ang mga taong nasa pagbubukod ay dapat manatili sa bahay at nakahiwalay sa iba sa bahay hangga't maaari.



Coronavirus (COVID-19): Mga Antigen Test

Hindi ka close contact ng taong may COVID-19, wala kang sintomas, pero positive ka sa antigen test para sa COVID-19.

Ano ang ibig sabihin ng mga resulta mo?

Posible na may COVID-19 ka. Asymptomatic ka ngayon, pero pwede kang magka-[sintomas](#). Ibang uri ng test ang kailangan para makumpirma kung may COVID-19 ka. PCR test ang tawag dito, at maaaring matagalan bago makuha ang resulta mula sa test na ito. Pwede kang makahawa sa iba. Tinataya na 30-40% ng mga pasyente na may COVID-19 ang walang sintomas.

Ano ang PCR test?

Tumutukoy ang PCR sa polymerase chain reaction. Natutukoy ng PCR test ang genetic material ng virus. Ginagawa ito sa pamamagitan ng nasal swab, throat swab, o saliva sample. Talagang tumpak ang ganitong mga test.

Ano'ng dapat mong gawin?

- Dapat kang [bumukod](#) hanggang sa matanggap mo ang resulta ng PCR test.
- Kung positive ka sa PCR test, dapat kang bumukod hanggang sa hindi ka na nakakahawa.
- Ang mga taong may asymptomatic na COVID-19 ay itinuturing na nakakahawa hanggang sa matugunan ang 2 pamantayan:
 - Hindi bababa sa 10 araw ang lumipas mula sa petsa na nakolekta ang specimen mo para sa unang pag-positive mo sa diagnostic test para sa COVID-19, at
 - Patuloy kang walang sintomas simula noong magpa-test ka.
- Kung magka-sintomas ka, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong healthcare provider.



Coronavirus (COVID-19): Mga Antigen Test

Ano ang ibig sabihin ng "pagbubukod"?

- Ang pagbubukod ay ang paghihiwalay sa mga taong may COVID-19 mula sa iba. Ang mga taong nasa pagbubukod ay dapat manatili sa bahay at nakahiwalay sa iba sa bahay hangga't maaari.



Coronavirus (COVID-19): Mga Antigen Test

May mga sintomas ka ng COVID-19 at negative ka sa antigen test para sa COVID-19.

Ano ang ibig sabihin ng mga resulta mo?

- Hindi natukoy ng antigen test ang virus na nagdudulot ng COVID-19. Pero, posible pa ring COVID-19 ka, at kailangan ng ibang uri ng test para makumpirma ito. PCR test ang tawag dito, at maaaring matagalan bago makuha ang resulta mula sa test na ito. Pwede kang makahawa sa iba.

Ano ang PCR test?

- Tumutukoy ang PCR sa polymerase chain reaction. Natutukoy ng PCR test ang genetic material ng virus. Ginagawa ito sa pamamagitan ng nasal swab, throat swab, o saliva sample. Talagang tumpak ang ganitong mga test.

Ano'ng dapat mong gawin?

- Dapat kang [bumukod](#) hanggang sa matanggap mo ang resulta ng PCR test.
- Kung positive ka sa PCR test, dapat kang bumukod hanggang sa hindi ka na nakakahawa. Karamihan sa mga taong may COVID-19 ay itinuturing na nakakahawa hanggang sa mangyari ang 3 bagay:
 - Hindi bababa sa 10 araw ang lumipas simula noong lumitaw ang mga [sintomas](#), at
 - Hindi bababa sa 24 na oras nang walang lagnat na walang iniinom na gamot para sa lagnat, at
 - Bumuti na ang ibang sintomas.**

**Tandaan na ang pagkawala ng panlasa o pang-amoy ay pwedeng magtagal ng ilang linggo o buwan at hindi magpapatagal sa pagbubukod.

Ano ang ibig sabihin ng "pagbubukod"?

- Ang pagbubukod ay ang paghihiwalay sa mga taong may COVID-19 mula sa iba. Ang mga taong nasa pagbubukod ay dapat manatili sa bahay at nakahiwalay sa iba sa bahay hangga't maaari.



Coronavirus (COVID-19): Mga Antigen Test

Close contact ka ng taong may COVID-19, pero wala kang sintomas sa ngayon, at negative ka sa antigen test para sa COVID-19.

Ano ang ibig sabihin ng mga resulta mo?

- Hindi natukoy ng antigen test ang virus na nagdudulot ng COVID-19. Pero, may posibilidad na may COVID-19 ka o magkaroon ka ng mga [sintomas](#) ng COVID-19.

Ano'ng dapat mong gawin?

- Kahit na negative ka sa test, dapat kumpletuhin mo pa rin ang 14 na araw na [quarantine](#). Ito ang pinakaligtas na desisyon.
- Ligtas nang itigil ang quarantine kung naganap ang sumusunod na mga bagay:
 - Hindi bababa sa 14 na araw ang lumipas mula sa huling contact sa taong may COVID-19, AT
 - Malusog ka pa rin (hal., walang sintomas ng COVID-19).
- Kung magka-sintomas ka, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong healthcare provider para sa pag-test.
- Kung hindi ka makapag-quarantine sa loob ng 14 na araw at wala kang sintomas, may dalawang opsyon:
 - Pwede kang lumabas ng bahay sa Araw 10 nang hindi nagpapa-test, nang binibilang ang huling pagka-expose bilang Araw 0, O
 - Pagkatapos ng Araw 7, kung negative ang PCR o antigen test na isinagawa sa Araw 5 o pagkatapos nito.
 - Kapag pinag-iisipang tapusin nang maaga ang quarantine, sundin ang lokal na rekomendasyon, kasama na ang mula sa paaralan o trabaho, dahil maaaring kinakailangan ang 14 na araw na quarantine.



Coronavirus (COVID-19): Mga Antigen Test

- Ang mga taong gumaling mula sa COVID-19 sa nakalipas na 3 buwan o ganap na nabakunahan para sa COVID-19 ay hindi kinakailangang mag-quarantine matapos ang close contact basta wala silang sintomas. [Ang ganap na nabakunahan](#) ay nangangahulugan na 2 linggo o mahigit na ang lumipas mula noong ikalawang turok ng bakunang may dalawang dosis o isang turok ng bakunang may isang dosis.
- Napakahalaga na ang mga taong may close contact sa taong may COVID-19 ay magbantay sa mga sintomas at sumunod sa lahat ng rekomendasyon (hal., magpa-test, mag-mask at dumistansya ([na may eksepsiyon para sa mga ganap na nabakunahan](#)), umiwas sa mga tao, at laging maghugas ng kamay) sa loob ng 14 na araw matapos ang huling pagka-expose, kahit na maaga nilang tapusin ang quarantine o hindi kinakailangang mag-quarantine.

Ano ang ibig sabihin ng "quarantine"?

- Ang quarantine ay ang paghihiwalay sa mga close contact ng taong may COVID-19 mula sa iba. Ang mga nasa quarantine ay dapat manatili sa bahay at bantayang mabuti ang kalusugan nila sakaling magkasakit sila. Kung negative ka sa test habang nasa quarantine, dapat mo pa ring bantayan kung magkaka-[sintomas](#) ka at sundin ang lahat ng iba pang rekomendasyon (hal., [mag-mask](#), [dumistansya](#), [laging maghugas ng kamay](#)) sa loob ng 14 na araw.



Coronavirus (COVID-19): Mga Antigen Test

Hindi ka close contact ng taong may COVID-19, wala kang sintomas, at negative ka sa antigen test para sa COVID-19.

Ano ang ibig sabihin ng mga resulta mo?

- Wala kang COVID-19.

Ano'ng dapat mong gawin?

- Ipagpatuloy ang pag-iingat araw-araw. Panatilihin ang [pisikal na pagdistansya](#) (6 na talampakan o higit pa) sa pagitan mo at ng ibang tao* at iwasan ang malalaking pagtitipon.
- [Laging maghugas ng kamay](#), manatili sa bahay kung may sakit, at madalas na [i-disinfect ang mga kapaligirang laging hinahawakan](#).
- Takpan ang bibig at ilong ng [mask](#), na kilala rin bilang telang pantakip sa mukha, kapag may kasamang ibang tao na hindi mo kasamahan sa bahay.*
- Kumuha ng [bakuna sa COVID-19](#) kung available.
- Kung magkaroon ka ng mga [sintomas](#) ng COVID-19, makipag-ugnayan sa healthcare provider mo para sa gabay at makapagpa-test para sa COVID-19.
 - Inirerekomenda ang pagtawag sa healthcare provider mo para ipaalam ang nangyayari kaysa pumunta sa tanggapan.

* May ilang [eksepsiyon para sa mga ganap na nabakunahan](#)

Ano ang mga karaniwang sintomas ng COVID-19?

- Posibleng walang sintomas ang ilang tao na may COVID-19. Kung magka-sintomas sila, posibleng ang mga ito ay mula banayad hanggang malala.
- Ang mga sintomas ng COVID-19 ay lagnat o panginginginig, ubo, hirap huminga, kapaguran, pananakit ng kalamnan o katawan, pananakit ng ulo, biglaang pagkawala ng panlasa o pang-amoy, pamamaga ng lalamunan, pagkabara ng ilong o tumutulung sipon, pagduduwal o pagsusuka, at pagtatae.
- Hindi lahat ng taong may COVID-19 ay mayroon ng lahat ng sintomas na ito, at posibleng may lagnat o wala.
- Karaniwang lumilitaw ang mga sintomas 2-14 na araw matapos ma-expose sa virus.

